# Protektahan ang iyong sanggol na anak

## Kung ikaw ay buntis, ngayon na ang panahon upang alamin ang tungkol sa cCMV



## Ano ang cCMV?

Ang Cytomegalovirus (CMV) ay isang karaniwang virus na puwede mong makuha habang buntis at maipasa sa iyong sanggol na anak. Ang karamihan ng taong may CMV ay hindi magkakaroon ng mga sintomas, at maaaring hindi nila alam na mayroon sila nito. Kapag nagkaroon ng CMV ang iyong sanggol na anak mula sa iyo, ang tawag dito ay congenital cytomegalovirus (cCMV). Ang ibig sabihin ng salitang congenital ay "mula sa panganganak".

Bawat taon, isa sa 200 sanggol ang ipinanganganak nang may cCMV.

**Isa sa limang sanggol na ipinanganganak nang may cCMV ang maaaring magkaroon ng mga matagalang kondisyon sa kalusugan, gaya ng:**

- Diperensiya sa pandinig (bingi o nahihirapang makarinig)
- Pagkaantala ng paglinang
- Pagkawala ng paningin
- Kawalan ng koordinasyon o kahinaan
- Seizure o biglaang pagsumpong
- Pagkamatay, sa malulubhang kaso

Alamin pa ang tungkol sa cCMV, pagpapasuri sa iyong sanggol at iba pa:

## Paano lumalaganap ang CMV?

Ang CMV ay puwedeng lumaganap sa pamamagitan ng mga likido sa katawan, gaya ng laway (dura), ihi, dugo, luha, semilya o likido mula sa ari ng babae, at gatas sa dibdib.

Ang pagkakadikit sa laway o ihi ng maliliit na bata ang pangunahing sanhi ng pagkakahawa sa CMV para sa mga taong buntis na magulang, manggagawa sa daycare, guro sa preschool, therapist, at manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan.

## Ano ang puwede kong gawin para sa aking sanggol na anak?

**Iwasang magkaroon ng CMV upang hindi mo ito maipasa sa iyong sanggol na anak.**

- **Huwag makihati ng pagkain at inumin o makipaghiraman ng kubyertos at straw. Lalo na sa maliliit na bata.**
- **Iwasang madikit sa laway ng mga bata. Bawal humalik sa bibig.**
- **Huwag maghiraman ng sipilyo.**
- **Maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig pagkatapos magpunas ng ilong, magpalit ng diaper, magpakain ng bata, o humawak ng laruan.**

**Ang mabubuting kagawiang ito ay makatutulong upang makaiwas ka sa CMV at hindi mo ito maipasa sa iyong sanggol na anak.**

Washington State Department of HEALTH

**DOH 820-308 CS March 2025 Tagalog**

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa doh.information@doh.wa.gov